DepEd Advisory No. 430, s. 2014
November 11, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKAANIM NA PAMBANSANG KONGRESO NG WIKANG FILIPINO

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng *Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Wikang Filipino sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya* na may temang *Ang Pinagyamang K to 12 Kurikulum Tungo sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino* na gaganapin mula ika-29 ng Abril hanggang ika-2 ng Mayo, 2015 sa Teachers Camp (Senior Mess), Lungsod ng Baguio.

Layunin ng Kongreso na ito ang mga sumusunod:

1. maiangkop ang pagtuturo ng asignaturang Filipino pokus sa Grade 4 at 10 tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino;
2. malinang ang wastong pagsasalin sa Filipino ng iba't ibang panitikang pandaigdig; at
3. mahawan ang sagabal (*bridging the gap*) sa pagtuturo ng mga katutubong wika at panitikan patungo sa wikang Filipino.

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor, punongguro, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran, guro sa Filipino, mga administrador sa antas elementarya at sekundarya ng mga publiko at pribadong paaralan at lahat ng mga tagapagtaguyod ng wikang Filipino ay imbitadong dumalo sa aktibidad na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Gloria B. Alday
  Mobile Phone Blg.: 0928-754-8418; 0926-691-1218

- Bb. Sandor Abad
  Mobile Phone Blg.: 0908-697-8491

Alma/DA kasugufil
0747-November 5, 2014/February 25, 2015